



# Ang inyong yumaong mahal sa buhay ay makakatulong sa paghanap ng mga sagot sa COVID.

Labis naming ikinalulungkot ang pagpanaw ng inyong mahal sa buhay.

Ang pagsali ng inyong yumaong mahal sa pagsusuri ng autopsya ay makakatulong sa pagbuti ng kaalaman tungkol sa pangmatagalang epekto ng COVID sa kalusugan.

Ang autopsya ay pagsusuring medical sa katawan ng isang yumao upang pag-aralan ang kanyang sakit at ang mga epekto nito sa katawan. Igagalang ang katawan ng yumao at ang paglibing at pagtingin sa kabaong ay hindi maaantala.

## Mga dahilan para isali ang inyong yumaong mahal sa pagsusuring ito?

- Ang autopsya ay makakatulong sa pag-unawa ng dahilan ng pagkamatay ng inyong mahal sa buhay batay sa mga mapapag-alaman tungkol sa kalagayan ng kaniyang kalusugan. Ang hangad at layunin ay makatulong ito na sagutin o liwanagin ang anumang mga tanong at alinlangan na nanatili sa inyong kaisipan.
- Ang autopsya ay isang paraan para parangalan at pahintulutan ang inyong yumaong mahal na makatulong sa agham, pag-iwas at paggamot ng COVID upang pangalagaan at iligtas ang mga maraming buhay – isang mahalagang tulong sa sangkatauhan ngayon at sa mga panahon pang darating.



Para malaman ang higit pa,  
bisitahin ang [RECOVERcovid.org](https://RECOVERcovid.org)



**RECOVER**  
Researching COVID to Enhance Recovery

An Initiative Funded by the National Institutes of Health